



## WORD

*Sinabi pa ni Jesus, "Naparito ako sa mundo upang hatulan ang mga tao. Ang mga taong umaaming bulag sila sa katotohanan ay makakakita, ngunit ang mga nagsasabing hindi sila bulag sa katotohanan ay hindi makakakita."* **JUAN 9:39**

(Basahin din ang **JUAN 9**.)

---

Si Jesus ay naparito sa mundo upang ang mga bulag sa katotohanang espirituwal ay makakita. Nang pagalingin ni Jesus ang lalaki na ipinanganak na bulag, ipinakita Niya ang katotohanan na bagama't nakikita natin ang mga bagay na ating nahahawakan, tayo ay bulag sa mga bagay na espirituwal. Sinabi ni Jesus na, "*Ako ang ilaw ng mundo. Ang sumusunod sa akin ay hindi na mamumuhay sa kadiliman, kundi magkakaroon ng ilaw na nagbibigay-buhay*" (Juan 8:12). Ang lalaki na pinagaling ni Jesus ay naniwala sa katotohanang ito at sumamba siya kay Jesus (Juan 9:38). Subalit, hindi lahat ay ganito ang nagiging tugon. Sa araling ito, ating titignan ang iba't-ibang reaksyon sa pagpapagaling ni Jesus sa lalaking bulag, mula sa mga disipulo hanggang sa mga Pariseo, at maging sa lalaking ito mismo, at ating aaralin kung paano tayo dapat tumugon sa Kanya.

## 1 Ang Mga Disipulo

*<sup>1</sup>Habang naglalakad si Jesus, may nakita siyang isang lalaki na ipinanganak na bulag. <sup>2</sup>Tinanong si Jesus ng mga tagasunod niya, "Guro, sino po ba ang nagkasala at ipinanganak siyang bulag? Siya po ba o ang mga magulang niya?"* **JUAN 9:1,2**

(Basahin din **JUAN 9:3-5**.)

Sa kultura ng mga Hudyo, karaniwan ang paniniwalang ang paghihirap o kapansanan ay bunga ng kasalanan. Ito ang dahilan kung bakit tinanong ng mga disipulo si Jesus kung ang lalaki ba ang nagkasala o ang kanyang mga magulang. Subalit sinalungat ito ni Jesus sa pamamagitan ng paggamit sa kapansanan ng lalaki upang ipakita kung paano nahahayag ang pagkilos ng Diyos sa buhay niya. Ngunit walang kinalaman ang katanungan sa kung sino ang may sala o sino ang may dulot nito. Kaya't ipinakita ni Jesus kung paano tayo maliligtas ng awa at kapangyarihan ng Diyos. Sa palagay mo ba ay tumutugon ang karamihan ng mga tao sa paraang katulad nang naging tugon ng mga disipulo? Bakit mo ito naisip?

---

---

## 2 Ang Mga Pariseo

*Sinabi ng ilang Pariseo, "Hindi mula sa Diyos ang taong gumawa nito, dahil hindi niya sinusunod ang utos tungkol sa Araw ng Pamamahinga." Pero sinabi naman ng iba, "Kung makasalanan siya, paano siya makakagawa ng ganitong himala?" Hindi magkasundo ang mga opinyon nila tungkol kay Jesus. **JUAN 9:16***

Ipinakita ng mga Pariseo ang kanilang kawalan ng paniniwala kay Jesus at sinabi nila na dahil nilabag Niya ang batas tungkol sa Araw ng Pamamahinga, hindi maaaring Siya ang sugo ng Diyos. Sa kuwentong ito, makikita natin na ang mga Pariseo ay maraming sinusunod na mga batas patungkol sa Araw ng Pamamahinga. Upang masunod ang mga batas na ito, hindi na nila naisip ang pagiging mapagmahal at mabait para sa iba. Sa huli, sa pamamagitan ng pagpapagaling Niya sa lalaking ipinanganak na bulag, ipinakita ni Jesus na ang Diyos ay hindi nasasakop ng anumang kalakaran ng tao. Di gaya ng mga Pariseo na mas pinahalagahan and nakaugalian, higit na kinilala ni Jesus ang diwa ng kautusan at nagpakita ng awa. Paano mo natutunang pamunuan ng Espiritu at hindi ng mga kautusan?

---

---

## 3 Ang Lalaking Ipinanganak na Bulag

*Sumagot ang lalaki, "Hindi ko po alam kung makasalanan siya o hindi. Ang alam ko lang ay dati akong bulag, pero nakakakita na ngayon."*

**JUAN 9:25**

Hindi lamang pinagaling ni Jesus sa pisikal ang lalaki na ilang taon nang namuhay sa kadiliman. Pinagaling din Niya ito sa espirituwal na pagkabalug sa pamamagitan ng pagbukas ng kaniyang espirituwal na mga mata. Nakita niya kung sino talaga si Jesus. Sa huli, ang lalaki ay may malalim na pagkakakilala kay Jesus na nagpagaling sa kanya. Mula sa pagkilala sa kung ano ang ginawa ni Jesus, ito ay nauwi sa pananampalataya at pagsamba sa Kanya. Sa palagay mo, paano binago ng himalang naranasan niya ang lalaking ipinanganak na bulag?

---

---

## APPLICATION

- Sa tatlong tao sa kuwento, kanino ka pinaka-nakakaugnay? Bakit siya ang napili mo? Ano ang natutunan mo tungkol kay Jesus sa Juan 9 at paano nito maaapektuhan ang buhay mo?
- Naniniwala ka ba na ginagamit ng Diyos ang mga pagsubok sa buhay natin upang ipakita ang Kanyang kapangyarihan? Bakit oo o bakit hindi? Pagnilayan ang Juan 9 ngayong linggo at hingin sa Diyos na makilala mo pa Siya lalo.
- Ikuwento kung paano mo nakilala si Jesus at kung paano Niya nabago ang buhay mo. Kanino mo maibabahagi ang himalang ito ngayong linggo?

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagpapadala sa Kanyang Anak na si Jesus *upang ihayag sa mga bihag na malaya na sila at sa mga bulag na makakakita na sila, at upang palayain ang mga naaapi* (Lukas 4:18). Pasalamatan Siya sa ginawa Niya para sa lalaking bulag, at sa ginawa Niya para sa iyo sa krus.
- Ipanalangin na hindi ka agad maging mapanghusga. Hingin sa Diyos ang kakayahan na makita ang mundo ayon sa Kanyang mga mata. Ipanalangin na lagi kang kikilos ayon sa Kanyang Espiritu.
- Ipanalangin na maging daluyan ka ng pag-ibig at pagpapala ng Diyos sa mga taong nakapaligid sa iyo.



**VICTORY**

© 2017 by VICTORY®

Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®

Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot

mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

[victory.org.ph](http://victory.org.ph)